KARTILYA
Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Cavite

Espesyal na isyu

Disyembre 26, 2025



# MALALIM NA UMUGAT SA HANAY NG MASA AT PUSPUSANG ISULONG ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN!

Binabayo ng panibagong krisis panlipunan ang bansa. Sumambulat ang pagbubunyag ng napakaraming anomalya sa mga proyektong imprastruktura ng gubyernong Marcos Jr. Nalantad ang malakihang pagnanakaw ng pondo sa proyekto na umaabot ng mahigit isang trilyong piso. Sangkot ang mga upisyal sa hanay ng Senado, Kongreso hanggang sa mismong pinuno na nasa tanggapan ng Malakanyang.

Sinindihan nito ang malalim na galit ng taumbayan. Parang kabuteng nagsulputan ang mga protestang bayan sa ibat-ibang panig ng bansa. Daan-daan libong tao ang nagtipon para kondenahin ang pagnanakaw sa pera ng taumbayan, kasabay ng panawagan na mapanagot ang mga sangkot, Umalingawngaw sa mga lansangan at plaza ang panawagan sa pagbibitiw ng Pangulo at Pangalawalang Pangulo ng bansa.

Ilang seksyon ng nagpoprotesta ang nananatiling humihiling ng reporma sa gubyerno at umaasang madali lang malulutas ang problema ng korapsyon kung magiging matino lamang ang sistema ng paggugubyerno at mapapalitan ang mga kasalukuyang pamunuan nito. Gayunpaman, lahat ay naghahangad ng pagbabago para sa interes ng mamamayang Pilipino.

Bago pa man pumutok ang ganitong krisis sa pulitika, malaon nang binabayo ang mamamayan, partikular sa lalawigan ng Cavite, nang tunggalian ng interes ng dalawang malaking pwersang pampulitika. Ang isa ay binubuo ng mga mang gagawa, malamamanggagawa, magsasaka, panggitnang uri at karaniwang negosyanteng Pilipino sa isang panig, at ang dayuhang monopolyo kapital kasabwat ng malalaking burgesyang kumprado

panginoong maylupa at burukrata kapitalista sa kabilang panig. Ang pangunahing pinagtutunggalian ay ang paghahati sa kapakinabangan ng likas na yaman at murang lakas paggawa ng uring anakpawis.

Mula pa nang dumagsa na ang mga engklabong industriyal at industrial economic zones sa Cavite, pilit pinagtatakpan ang nagbabagang tunggalian ng mga manggagawa at kapitalista sa pakinabang sa labis na produktong nililikha ng una. Hindi lantad ang tunggalian ngunit kumukulo sa mga linya ng trabaho sa pagawaan, sa transportasyon ng produkto at hanggang sa pagbebenta nito sa pamilihan.

Nakapailalim dito ang kahilingan ng dagdag na sahod kumpara sa ipinatutupad na sahod na di makabubuhay ng pamilya at maging ng kahit mag-asawa lamang. Kairalan at pinalalabas na normal na dapat na pansamantala ang empleyo sa anyo ng mga kontraktwal na paggawa na may taning ng hanggang anim na buwan para lamang maiwasan ng kapitalistang ituring na regular ang manggagawa nila. Hindi nakasulat sa batas ang pagbabawal ng pagtatayo ng unyon ngunit kapag natunugan ng kumpanya ang pagtatang ka ng pagbubuo, agad nagtutulung-tulong ang kapitalista at kasalukuyang estado para supilin ang anumang demokratikong pagsisikap na ito.

Agarang patatalsikin ng kapitalista ang mga promotor at sangkot sa pag-uunyon. Ilalaban ito ng mga nakikibakang manggagawa ngunit agad aayuda ng panunupil ang Department of Labor and Employment (DOLE) para amuin ang mga tinang gal at ipatanggap na lamang ang ibabayad na barya ng kumpanya basta mapaalis lamang ang namulat at nagkakaisang hanay ng paggawa.

Matalas ang pakiramdam ng AFP-PNP sa mga pagtatangka ng pag-uunyon at kagyat na ituturing na kaaway ng estado ang mga manggagawang nagtatayo ng unyon. Babansagan ang mga ito na nakikipagtulungan sa New People's Army para lamang kilalanin ng publiko ang direktang mapanupil na pakikialam nito sa isang tunggalian sa paggawa na may katangiang tunggaliang sibil na kinasasangkutan lamang ng kapitalista at manggagawa.

Sa maraming pagkakataon, matatalo ang panig ng mga manggagawa at susuko ang ilan sa kanila sa paghahanap ng ibang mapapasukang hanapbuhay. Iilang piling kaso ang naipagtagumpay ng mga manggagawa.

Ang tunggaliang ito ay tahimik na nagaganap sa Cavite. Hindi ito naibabandera sa mga pahayagan, radyo at telebisyon. Ibabandila sa midya na ang mga pagawaan sa Cavite ay tahimik at sunud-sunuran sa mga kapitalista. . Sa kabila nito, nagnanais ang mga manggagawa ng dagdag na sahod na hindi makakamit hanggat wala silang lakas na ipapakita sa mga kapitalista at sa estadong kakampi nito.

Kasangkot at mahigpit na kadikit ng mga manggagawa ang mga malamanggagawa. Sila ang kahalili ng mga manggagawa sakaling di sumasapat ang bilang ng manggagawa sa pagawaan.


KARTILYA
Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Cavite

Ang *Kartilya* ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Cavite. Inilalathala ito ng National Democratic Front - Cavite.

Maaari niyo kaming masubaybayan sa philippinerevolution.nu o sa pamamagitan ng aming social media accounts sa Facebook at Instagram.

Cavite's POV @cavitepov

Sila rin ang pumapasok sa ibat-ibang tipo ng hanapbuhay kahit na hindi sasapat ang kinikita. Sa kanilang hanay kinukuha ang mga kontraktwal. Sila rin ang mga pahinante at mga kargador ng mga trucking ng pagawaan. Dahil hindi lahat kayang tanggapin sa pabrika, higit na mas marami ang nagiging tauhan sa mga bodega, warehouse, malaki at maliit na mga grocery at tindahan, drayber ng ibat-ibang sasakyan, vendor sa tabing kalsada, mga eskinita at palengke.

Ang mga malamanggagawa ay walang pirming hanapbuhay. Palipat-lipat sila kung saan makatatagpo ng pagkakakitaan. Madalas na titira sila sa mga komunidad na walang pirmeng pag-aaring lupa at bahay. Tinatawag sila ng estado na informal settlers. Sila rin ang madalas na biktima ng pagpapalayas ng mga komersyanteng kapitalista na nagtatayo ng mga negosyo sa mga lugar tahanan ng mga malamanggagawa. Ang mga komersyanteng mayayaman ay tinutulungan ng mga lokal na pamahalaan para magpalayas ng mga maralita sa komunidad para mabigyang daan ang itatayong mga dambuhalang mall at negosyo.

Simpleng ililipat lang ng tirahan ang mga nasa komunidad pero wala ring maayos na ikabubuhay sa lugar na paglilipatan sa kanila. Para silang asong ililipat ng pagkakatali sa isang lupa. Kabilang sa hanay nila ang mga mangingisda na nasa baybay dagat ng Cavite.

Katunayan, sa lalawigan ng Cavite, may mahigit limang (5) reclamation projects na aabot sa 4,551 ektarya ang saklaw. Kalakhan ng mga proyekto dito ay tatayuan ng mga expressway, casino, condominium at iba pang commercial business kapalit ng kabuhayan at panirikan ng mga mangingisda at maralita na nakapalibot sa tabing-dagat.

Bukod pa dito ang pagtatayo ng LRT1 Cavite Extension Project.

Ang mga malamanggagawa ay karamihang dating mga magsasaka o kasalukuyang magsasaka na pansamantalang umaalis sa kanayunan para panandaliang kumuha ng trabaho sa kalunsuran. Matapos ang panahon ng trabaho kagaya ng konstruksyon, muli na naman silang bab alik sa pagsasaka.

Papaliit ang bilang ng permanenteng magsasaka. Unti-unti na silang nahahatak ng mga hanapbuhay na may sahod sa bahaging kabayanan o kalunsuran. Nananatiling wala o kulang ang lupang sinasaka. Laging kulang ang kinikita sa pag-ani ng produkto. Napakataas ang gastos sa pag sasaka. Kakarampot ang natitira sa kanila matapos na mabayaran ang lahat ng pagkakautang para makapagtanim.

Maraming lupain ang inililipat gamit tungong komersyal, industriyal at residensyal na gamit, bukod pa ang para sa eko-turismo. Sa lalawigan ng Cavite, hindi pa napuputol ang tunguhing ilipat sa gamit komersyal ang mga lupain. Ang dating mga nakatanggap na ng Certificate of Land Ownership Award ay binabawian nito para ipagbili ang lupa sa mga kapitalistang real estate.

Kasalukuyang tampok ang usapin sa lupang Ramos sa Dasmariñas kung saan nais itayo ang proyekto ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) na magpapalayas sa mga masang deka-dekada nang naninirahan sa lupa. Gayundin ang kasaysayan ng mga magsasaka sa Paliparan 3, Dasmariñas at Tartaria, Silang na mapalalayas din dulot ng proyektong impraistruktura.

Sa bahagi ng mga panggitnang uri, ang mga kabataang estudyante ang malaking tipak ng populasyon na paparami pa sa buong Cavite.

Sa bahagi ng mga panggitnang uri, ang mga kabataang estudyante ang malaking tipak ng populasyon na paparami pa sa buong Cavite. Masasabing daan libo ang bilang nila na nakakalat sa paparaming mga dalubhasaan at pamantasan sa lalawigan. Katunayan, dahil sa inaasahang paglaki ng bilang nito, magtatayo na rin ang mga primera klaseng mga pamantasan kagaya ng kampus ng UP at Ateneo sa Dasmariñas.

Malaki ang problema ng sektor dulot ng mataas na gastos sa pag-aaral at ang kakulangan ng mapapasukang trabaho pagkatapos. Mapapabilang ang mga kabataan sa hanay ng mga walang hanapbuhay. Ang mga progresibong hanay nila ay sinusupil ng estado para mapatahimik sa paglalantad at pagtuligsa sa sakit ng lipunang Pilipino. Karaniwan nang sila ay iligal na inaaresto, ikinukulong nang walang nakasampang kaso at binabansagang terorista.

Kahanay ng mga kabataang estudyante ang mga kawani ng gubyerno at pribadong mga kumpanya, mga guro at manggagawang pangkalusugan na bumubuo sa signipikanteng bilang ng populasyon ng panggitnang uri sa Cavite. Biktima sila ng walang tigil na pagtaas ng presyo ng mga bilihin habang pilit na pinananatili ang kanilang mababang sweldo at konting benepisyo.

Ang kababaihang manggagawa at magsasaka ang pinakamalaking bilang at kalahati ng populasyon ng probinsya. Sila ang pumapasan ng malaking hirap sa pagbuhay ng pamilya. Lagi silang biktima ng kahirapan, gutom at karahasang sekswal at pisikal. Mas mababa ang kanilang sahod kumpara sa mga kalalakihan. Kapos ang pangangalaga sa kanilang kalusugan laluna pagdating sa panganganak at pag-aaruga ng kanilang sanggol.

Ang populasyon ng Cavite noong 2020 ay mahigit 4 na milyong tao. Wala pang 1% nito ang organisado sa mga pambansa demokratikong organisasyong masa. Hindi kalabisan kung gayon na kailangan na maglaan ng arawang gawaing masa para makaabante sa pag-oorganisa ng makabuluhang bahagi ng populasyong nabanggit.

Pinakamahalagang uri na dapat bigyang pokus ang hanay ng mga manggagawa. Isa sila sa pinakamarami sa buong lalawigan. Dulot ng kahinaan sa pagbibigay ng pokus sa kanilang hanay, halos hindi maituturing na makabuluhan ang organisadong hanay ng manggagawa. Kailangan dito ng buong panahong mga organisador para magkaroon ng ibayong pag-abante ang pagbibigkis sa hanay nila. Bukod sa dapat na nakababad sa gawaing pag-oorganisa sa hanay nila, kailangan ding makuha ang masaklaw na pagsisiyasat sa kalagayan ng mga manggagawa sa lalawigan. Kailangang matukoy ang partikular na mga pangangailangan at kahilingan ng kanilang uri.

Ituturing na ang sektor ng mala-manggagawa ay kabilang din sa hanay ng uring manggagawa. Pareho ang kanilang sitwasyon sa kalagayang iisang pabrika o pagawaan ang kanilang pinagtatrabahuhan. Ang kaibahan lamang ay itinuturing na regular ang mga manggagawa habang ang isa naman ay pansamantala at hanggang animna buwan lamang. Dahil katuwang din ng mga manggagawa, at aktwal ding manggagawa sa pana-panahon, kailangang bigyang pokus din ng pag-oorganisa ang hanay nila. Laluna ang mula sa hanay ng mga komunidad na laging pina planong palayasin ng mga lokal na pamahalaan kasabwat ng mga debeloper ng lupa. Kailangang maging lahatang panig ang pag-oorganisa na kabilang ang mga kababaihan at mga kabataan. Bagamat hiwalay ang kanilang mga organisasyon, bubuklurin sila ng organisasyong pang mala-manggagawa, ang KASAMA.

Partikular sa mga panggitnang uri, ang pag-oorganisa sa hayag na kilusan ay pangunahing dapat idaan sa direktang pakikipag-usap sa tao at hindi sa online lamang. Nakapagpapabilis ang paraang online sa pag-abot sa maraming masa subalit hindi sasapat ito para malubos ang pagsapi sa pambansa demokratikong organisasyon. Kailangang maipatupad ito para matiyak ang mahigpit na konsolidasyon ng samahan.

Sa iba pang mga uri at sektor, katulad na bubuuin sila sa kani-kanilang mga makauring organisasyong masa habang ang mga kapamilya ay ipapaloob sa mga sektoral na samahang masa kagaya ng MAKIBAKA at KM.

Mahigpit na katuwang ng pag-oorganisa ang pagsasagawa ng edukasyong pambansa demokratiko sa hanay ng mga organisasyong masa. Sabi nga ng Leninistang prinsipyo, walang rebolusyunaryong kilusan kung walang rebolusyunaryong teorya.

Hindi natin tunay na mabubuo ang organisasyong masa nang hindi nagtatataglay ng kamalayang pambansa demokratiko ang kasapian.

Kung kayat mahalaga na maitayo ang makinarya ng edukasyon, propaganda at kultura sa hanay ng mga lokal na organisasyon. Sa gayon, hindi na sila aasa sa pagdating ng mga organisador bago pa maipagpatuloy ang kanilang edukasyong pulitikal. Bukod sa pambansa demokratikong paaralan, mahalaga ring maitayo ang paaralang Jose Maria Sison, kung saan mapag-aaralan nila ang mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Susi ang propaganda sa pag-abot sa buong publiko. Kailangang ikintal ng lahat ng aktibista at kasapi ng Partido na buu-buong mamamayan ang kailangang mapaabutan ng pambansa demokratikong propaganda at hindi sa sariling barangay, eskwelahan, pagawaan o upisina lamang. Kailangang saklawin ng propaganda ang mamamayan ng buong bayan o lungsod.

May limitasyon man ang organisasyon sa kakayanan sa pag-abot sa pinakamaraming bilang, mananatiling ultimong layunin na abutin ang lahat ng mamamayan. Labas sa target paaabutan ang mga kabilang sa naghaharing uri kagaya ng mga matataas na burukrata, mga panginoong maylupa at malalaking burgesya komprador. Ang mga pwersang seguridad ng estado ay kabilang sa uring burukrata kapitalista.



Pangunahing anyo ng pakikibaka ang sandatahang pamamaraan. Gayunman, mahalaga pa rin kahit pumapangalawang anyo ang hayag at ligal na pakikibaka.

Kapwa nagtutulungan at nagtutuwangan ang parehong anyo ng pakikibaka kung kayat kailangang mahigpit na panghawakan ang magkatimbang na pagsusulong ng mga ito. Tungkulin ng mga rebolusyunaryong kilusang masa sa kalunsuran na pag-ibayuhin ang pagsusulong ng anti-pasista, anti-imperyalista at anti-pyudal na pakikibaka sa lahat ng larangan ng pakikibakang ligal.

Pangunahing dapat na paunlarin ang kilusang manggagawa at kilusang kabataang estudyante. Nakapaloob ang kilusang malamanggagawa sa kilusang manggagawa. Tungkulin ng kilusang masa sa kalunsuran na ibayong sumuporta sa armadong pakikibaka sa kanayunan. Pangunahing anyo nito ang suportang lakas tauhan ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan.

Mataas ang pangangailangang kabigin ang malaking bilang ng mga panggitnang pwersa ng lipunan sa pagsuporta sa pambansa demokratikong rebolusyon. Mahalagang haligi ng kilusan ang mga panggitnang pwersa sa lipunang Piiipino.

Partikular sa Cavite, lumalaki ang bilang nila at kinakailangang laanan ng malaking panahon sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos. Malakas na pwersa ang ibat-ibang sektor ng panggitnang pwersa. Halimbawa nito ang mga guro, mga kawani sa pribado at publikong tanggapan, mga manggagawang pangkalusugan, mga karaniwang pari, pastor ng taong simbahan at iba pa.

Hindi natin iiwasan, bagkus makikipagtagisan tayo sa mga personaheng kabilang sa naghaharing uri. Malakas ang hatak ng konserbatismo sa hanay ng mga namumuno ng taong simbahan. Ngunit ang malakas na kilusan ng batayang masa ana nakikipaglaban para sa kanilang karapatan at kagalingan ang kakabig sa kanila sa pagpanig sa pambansang demokratikong hanay.

Tinatanaw natin na ang hinaharap ng rebolusyon ay maaliwalas dulot ng patuloy na paglala ng kronikong krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Hindi malulutas ang krisis kung hindi tatapusin ito ng tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

Kayat ang paghahangad ng simpleng reporma sa pagpapalakad sa gubyerno ay mawawalan ng saysay at patuloy na mag-aanak ng kabulukan at katiwalian sa neokolonyal na estado. Pinatunayan ito paulit-ulit sa kasaysayan ng bansa. Ito ang dahilan kung bakit dapat na iwaksi ang panliligaw ng linyang pulitikal na nagmumula sa pwersa ng Akbayan. Nagsisilbi silang nakatagong bisig ng imperyalismong US para iligaw ang landas ng nakikibakang mamamayan na lumalaban para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa nagdaang dalawang taon, relatibong nagpakita ng pagsisikap ang mga rebolusyonaryong pwersa sa lalawigan na isulong ang kilusang pagwawasto alinsunod sa panawagan ng komite sentral ng Partido.

Sa kabila nito, marami pa ang kinakailangang habulin at gawin upang maiwasto yaong mga pagkakamali at kahinaan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa ganitong kalagayan, higit ang pangangailangan na palalimin pa ang kilusang pagwawasto sa lalawigan upang makapag panibagong-lakas at maitulak sa mas matataas na antas ang ating pambansa-demokratikong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba.

Kinakailangang doblehin ang pagsisikap ng mga rebolusyonaryong pwersa sa lalawigan na itaguyod ang kilusang pagwawasto upang malubos ang mga nakamit nating tagumpay mula sa mga naging paunang pagsisikap.

Dapat puruhan nito ang pagsisikad ng kilusang pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo upang matamang magabayan ang mga pwersa sa kanilang mga rebolusyonaryong pagkilos. Kasabay nito, dapat higit na pinaparami ang malakihang pampulitikang edukasyon sa hanay ng malawak na masa, lalo sa uring manggagawa, upang itaas ang kanilang kamulatang pampulitika. Dapat masigasig rin na magbalik-aral laluna sa mga paksa ng unang dakilang kilusang pagwawasto at ikalawang dakilang kilusang pagwawasto. Dito tayo huhugot ng mga mahahalagang aral at karanasan sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran.

Binibigyang-diin sa ating mga tungkulin ang pagkukumpleto ng mga panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri (SICA o social investigation and class analysis) upang tukuyin ang mga pangunahing problemang kinakaharap ng malawak na masa, suriin ang mga anyo ng pagsasamantala at pang-aapi sa mga batayang uri't sektor sa lalawigan at makapagtakda ng mga angkop na taktika at pamamaraan sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Sa pamamagitan ng SICA, kinakailangang matamang aralin ang mabilis na urbanisasyon sa mga sentrong syudad ng Cavite. Dapat din masaklaw ng gawaing ito ang pagtutukoy sa mga lokal na reaksyunaryo at ang mga pampulitikang pagbabago sa Cavite.

Kasabay nito, kinakailangang kumpletuhin ang mga dokumento ng paglalagom upang mahugot ang mga positibo at negatibong praktika sa sa itinakbo ng ating rebolusyonaryong gawain makalipas ang ilang taon. Magsisilbi itong saligang dokumento ng rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan na nagbibigay gabay sa iba't ibang larangan ng komprehensibong gawain ng mga rebolusyonaryong nagsisikap na ibangon muli ang ating lakas.

Alinsunod sa panawagan ng Partido, kinakailangang mahigpit na malalim na umugat sa hanay ng masa. Ang malaking tipak ng Cavite ay itinuturing na urban, nasa unahan ng ating gawaing pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos ang uring manggagawa. Pumapangalawa ang mga mala-manggagawa at pangatlo ang sektor ng mga kabataan. Sa kabilang banda, hindi natin isasantabi ang gawaing masa sa hanay ng uring magsasaka dahil signipikante pa rin ang kanilang porysento na konsentrado partikular sa Upland District ng Cavite. Isa sila sa mga hina hambalos ng matinding urbanisasyon dulot ng mga proyektong kumbersyon na sumira sa kanilang kabuhayan. Gayon din ang sektor ng mga mangingisda na nasa 9 na coastal districts ng Cavite at may malaking bilang.

Makakamit natin ito sa pamamagitan ng malawakan at solidong pagpopropaganda sa masa. Kinakailangan natin gawing agresibo ang pagpapalaganap ng pambansa-demokratikong linya bilang bahagi ng ating ngipin-sa-ngiping pakikipaggitgitan sa propaganda ng kaaway. Sa paraang ito, naipapaunawa natin sa masang pinagsasamantalahan na sa pamamagitan lamang ng demokratikong rebolusyong bayan makakamit ang inaasam nating malaya at maaliwalas na kinabukasan.

Kasabay nito, dapat nating muling palakasin ang pagpapasampa sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Magsilbing inspirasyon sa atin ang mga anak ng Kabite na namartir sa proseso ng pakikidigma hindi lang sa kasalukuyan kundi maging noon pang panahon ng kolonyalismong Espanyol.

Mayaman sa kasaysayan ang armadong pakikibaka ng Cavite. Tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan ang maramihang pagpapasampa sa pangunahin at mapagpasyang sandata ng rebolusyon, ang Bagong Hukbong Bayan (New People's Army).

Kung mahusay nating maipatupad ang ating mga rebolusyonaryong tungkulin, magagawa nating makabwelo sa ating mga rebolusyonaryong gawain; at kung mahusay nating maitaguyod ang kilusang pagwawasto sa lalawigan ay maitataas natin ang antas ng ating rebolusyonaryong praktika.

Napakainam ng mga kundisyon upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Susi dito ang ating malalim na pag-ugat sa hanay ng masa ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa upang pamunuan ang pakikibaka ng mamamayan. Sa pamamagitan nito, natitiyak natin ang lahatang panig na pagpapalakas.

Sagpangan natin ang paborableng mga kundisyon upang higit pang paigtingin ang ating rebolusyonaryong pakikibaka sa lalawigan higit lalo ngayong kinamulatan na ng sambayanang Pilipino ang labis na pananamantala at pang-aapi ng rehimeng US-Marcos-Duterte.

Pakilusin natin ang malawak na hanay ng masang api upang labanan ang pinakawalang pasistang panunupil ng rehimeng US-Marcos sa lalawigan sa pamamagitan ng mga berdugong AFP-PNP na walang patumanggang umaatake sa mga lider-masa, aktibista, samahan at organisasyong masa na naggigiit ng kanilang mga karapatan.

Walang kapagurang itaguyod ang kilusang pagwawasto sa lalawigan upang dalhin sa mas matataas na antas ang ating rebolusyonaryong pakikibaka! Ubos-kayang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa tagumpay! Panghawakan at Isabuhay ang Marxismo-Leninismo-Maoismo! Isulong ang Matagalang Digmang Bayan! Ibagsak ang Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata Kapitalismo!

**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**

